

1

Nagmamadali si Cassie palabas ng mall para makauwi na siya sa kanila. Nagkukumahog siya sa pagbitbit ng kanyang dala nang may bumunggo sa kanyang lalaki. Pagod pa naman siya sa trabaho at excited sa rest days niya, mukhang made-delay pa dahil sa bwisit na mokong na ito. Uminit ang ulo niya nang magbagsakan ang mga pinamiling pasalubong at nagkalat sa sahig ng mall.

“Im sorry, Miss,” anang lalaki.

“You should be. You’re so clumsy. Tingnan mo dinadaan mo!” Tiningala niya ang estranghero at napasinghap pagkakita sa magandang mukha nito. It was as though Adonis came to life in a very cool sporty look.

“Don’t put all the blame on me, Miss. You were walking fast not noticing that you’re not the only one who’s in a hurry,” banat ng lalaki.

Itinago ni Cassie ang kanyang paghanga dahil ito ang may kasalanan kaya gagabihin siya ng uwi sa kanila. Nakakatulog pa naman siya sa bus at baka lumampas na naman siya. It was because of this cute and yummy guy.

“So you’re saying you bumped into me accidentally, dahil nagmamadali ka rin?” di nagpapatalo niyang tugon.

“That’s what I just said. I was looking at the escalator, I didn’t see you. I’m sorry, okay?”

Pinulot nito isa-isa ang kanyang mga pinamili. Pero sumiklab lalo ang galit ni Cassie nang mapagtanto ang ibig nitong sabihin.

“So you’re saying that I’m so small not to be noticed?” nangangalaiti niyang tanong. Galit talaga siya sa mga taong nanlalait sa kanyang height. Five feet flat lang kasi siya at ang lalaki ay mukhang five feet ten.

“Aside from that,” walang atubiling pag-amin nito. “Well, uhh. It’s not that. I was just preoccupied maybe,” kaila nito sa huli pero the bottom line is umamin pa rin ito. Tumayo na ito mula sa pagpulot sa mga gamit niya.

“Aba’t–” Di na niya naituloy ang gustong sabihin dahil binigay na nito sa kanya ang tatlong plastic bag na ngayon lang niya na-realize na mabigat pala.

“ Here. I’m sorry. I didn’t mean it,” hinging paumanhin nito. Akmang tatalikod na siya ay

bumanat pa ito. “Take care, Miss. Mabigat pa naman ‘yang dala mo at baka lalo kang lumiit niyan.” Hindi nito naitago ang nakakalokong ngiti. Napatawad na sana niya ito kung di lang siya nito inasar.

“Tse. Manlalait! Di ka naman kagwapuhan. Hmp!” At binirahan niya ito ng alis. Isang malaking kasinungalingan iyon dahil pwedeng maging modelo ang lalaki at papasang substitute ng kanyang idol na si Ryan Reynolds sa *Green Lantern* na movie nito.

Hindi na niya nakita ang pagkakakunot ng noo ng lalaki bago tumalikod.

Tama nga ang hinala ni Cassie. Nakatulog na naman siya sa bus at lumampas na naman siya sa kanila. Mabuti na lang at ginising siya ng kundoktor nang maalala nito na may bababa sa Sanyas. Taga-baryo Sad-ang lang ang dalaga sa municipality ng Sanyas at nasa town proper na pala siya. Lampas na lampas na mula sa kanilang barangay.

Matapos niyang sumakay ng tricycle pabalik sa kanilang baryo ay nandito na siya ngayon sa

bahay nila. Kasalukuyan niyang hinahalungkat ang ibibigay na mga pasalubong sa mga magulang at kapatid.

Simple lang ang pamilyang pinagmulan niya. Gumagawa ng ice cream ang business ng kanilang pamilya. Ika nga “flavor of the road”. Ito ang nagpaaral at bumuhay sa kanilang lahat. At ang ina naman niya ay nasa bahay lang.

“Kumusta naman ang trabaho mo bilang call center agent, anak? Hindi ka ba nahihirapan?” tanong ng mama niya.

“Nakaka-adjust na rin ako, Mama. Iba lang talaga ang tulog sa gabi kaysa umaga.”

“Mabuti naman kung gan’un. Medyo nangangayayat ka,” puna ng papa niya. Ito talaga ang laging nag-aalala sa kanyang kalusugan mula nang pumasok siya sa BPO Industry. Humigit kumulang isang taon na rin siyang call center agent. At umuuwi siya bawat buwan para magbakasyon sa kanila.

“Oo nga, Ate. Para kang tumangkad niyan, ah,” sabi ng kanyang kapatid na si Lera na sumunod sa kanya.

At dahil sa sinabi nito ay naalala na naman niya ang antipatikong lalaki na nanglait sa kanyang height sa *Robinsons Place* kanina.

“Heh! Tumigil ka nga diyan. Nagustuhan mo ba ‘yung pasalubong ko sa ‘yo?’”

“Wala naman. Nasaan na ba? Ako na lang ang walang pasalubong dito,” tampo nito.

“Ano? Dito lang ‘yun ah.” Hinalungkat ni Cassie ang mga dala, mula sa grocery hanggang sa libro at abubot na kanyang pinagkaabalahang halughugin kanina sa isang book store. Binilhan kasi niya ang mga ito ng pasalubong dahil sumweldo siya at may incentives pa dahil sa sales niya this month. Nandito lang kanina ang binili niyang tumbler sa kapatid na pinalagyan pa niya ng pangalan ng bawat miyembro ng pamilya.

“Baka naman naiwan mo, Cassie, sa apartment mo?” anang Ate Mhare niya. Teacher ito sa isang private school sa kabilang bayan.

“Hindi. Dala ko ‘yon. Dito pa nga ‘yun sa paper bag na green.” Nang maalala niyang nagkalat sa mall ang mga pinamili kanina

dahil sa nakabanggaan niya ay napasimangot siya.

“Bakit nakakunot ang noo mo, Ate? Masakit ba ang ulo mo?” tanong ng kanilang bunso.

“Hindi, Missy. Naalala ko na bumagsak ang mga dala dala ko kanina at nagkalat sa mall. At nang pulutin n’ung nakabanggan ko, baka di ko napansin na hindi pala nasali ‘yong tumbler. I’m sorry, Lera.” Kung hindi niya masyadong inaway iyong lalaki, baka napansin pa niya kung saan gumulong ang tumbler.

“Okay lang, Ate. Ibili mo na lang ako uli. Iyong higit na mas maganda,” anang kapatid niya na tumatawa.

“Ah, demanding!” kunwari galit siya. At nagkatawanan silang buong pamilya.

“Late ka naman, Cheeno. Saan ka ba nagpapalipas ng mga gabi mo? Wala ka lagi sa unit mo. Sabi ko naman sa ‘yo diba, na papayagan kitang magbakasyon muna pero dapat nasa malapit lang. Kung di pa kita natiyempuhan malamang kung saan ka na namang kandungan makikitulog at di kita

mahahagilap,” sermon agad ng daddy niya nang dumulog siya sa hapag kainan.

Matagal na niya itong pinagtataguan, tatal di pa naman natatapos ang bakasyon na hiningi niya dito. Kung hindi lang siya nito naabutan sa condo niya noong paalis na siya kahapon ay hindi pa sana siya uuwi ngayon.

“Adolfo, saka na iyang sermon mo sa anak mo at nasa harapan tayo ng pagkain,” anang mama niya.

Pinauwi siya ng ama dahil may problema daw sa kompanya. Tingin niya ay di naman totoo. Alam niyang kating-kati na ang daddy niya na turuan siya sa pag-handle sa business nila. Kaya ang lahat ng schedule niyang escapades ay postponed na muna.

Nag-e-enjoy pa naman si Cheeno sa supposedly one month niyang pahinga. Pahinga mula sa eight years niyang pagloloko sa college. Napangiti siya. Kaga-graduate lang kasi niya sa Amerika ng Business Management at pinauwi siya para tumulong sa business nila.

Matagal bago siya naka-graduate. Nakatapos

siya sa college sa edad na beinte-singko at palipat-lipat pa ng school dahil sa mga kalokohan na napapasukan niya. Hanggang sa pinasyang sa ibang bansa na lang siya mag-aral at mag-stay sa Uncle Lee niya na matandang binata. Lalong nagtagal si Cheeno sa kolehiyo dahil kinukunsinte siya ng tito niya sa mga gimik na gusto niyang puntahan.

“Akala mo ba makakalusot ka pa sa ‘kin ngayon? Pagkatapos nglahat ng mga kalokohan mo, it’s the right time for you to be serious and be responsible. Busy ngayon si Ciann sa business convention niya, so you will undergo management training now.”

Hindi niya maintindihan kung ano ang kinalaman ng kapatid niya sa training niya.

“Dad, you know I want that too. I’m ready but I should finish my vacation first,” katuwiran niya. Ang totoo, di pa talaga siya gaanong handa. Hindi nga niya ma-imagine na sa office lang siya maghapon. *And that would be so boring.*

“You’re through with all of it? Tingnan natin. Bukas na magsisimula ang gagawing training para sa ‘yo. Be early or I might as well throw

you out of this family penniless.” Mukhang ubos na ang pasensya ng daddy niya sa lahat ng kanyang kalokohan.

“That’s enough, the two of you! Pakainin mo muna ang anak mo, Adolfo,” galit na sikmat ng mama niya. “Sige na, hijo, kumain ka na.”

“Thanks Ma. You’re the best talaga.” Kinindatan niya ang ginang nang mapansing natahimik ang ama niya. Nakakuyom-palad ito.

Ano ang magagawa niya? Hindi pa niya feel ang magseryoso. Masyado pa siyang bata para maburo.

“Alright, let’s call it a day, gentlemen,” sabi ni Cheeno habang inililigpit ang mga papeles sa mesa. Pagod na pagod na siya sa kababasa ng iba’t ibang dokumento at pakikinig sa mga lectures ng mga immediate superiors ng bawat departamento ng kompanya.

“We’re not yet through, Sir. We still have to discuss the product price of each kind of textile and the country that—”

“We can discuss that one tomorrow.”

Irresistibly Yours by Zela Española

Wala nang nagawa ang mga ito sa desisyon niya na itigil ang training session nila. He couldn't take another hour staying in the office.

Dali-daling iniligpit ni Cheeno ang mga gamit niya dahil may schedule na siyang gimik ngayon kasama ang mga barkada niya.

2

“To the greatest sales agent in the world! Give her a toast! Cheers to Cassie,” exaggerated na wika ng team leader niyang si Floyd. Masaya itong katrabaho sa account na hinawakan niya sa *RLS Teleservices*.

Nasa isang bar sila at kasalukuyang nagse-celebrate sa sales na nakuha ng grupo nila at siya ang may pinakamaraming naisarang sales.

“Oo na. Ako na ang magababayad ng lahat ng ininom natin at maiinom pa,” pakikisakay niya. Malaki talaga ang incentives niya. Kaya okay lang na ilibre ni Cassie ang drinks nila ngayon. Naghiyawan na naman ang mga kasamahan nila. Enjoy na enjoy ang mga ito.

“Iyan ang gusto namin sa ‘yo, Cassie. You’re always generous and cool,” sabi ni Reid, isa sa malakas din sa sales na sumunod sa kanya.

“Binola mo pa ‘ko, Reid. Sana sinabi mo na lang na maganda ako. Solve na ako d’un.”

Alam ng lahat na nanliligaw ito sa kanya.

“Kung sinagot mo na nga lang ba ako. You’ll

always feel beautiful all the time. And I'd treat you like a princess and I'll be your knight in shining armor in time of distress, as well as your hero to rescue you. I'll be your medicine when you're in pain and sunshine when you're sad," seryoso nitong saad sa kanya.

Tawa ng tawa ang mga kasamahan niya sa mga diga nito. At hindi na rin niya napigilan ang humalakhak. Nakakatawa kasi ang itsura ng lalaki. Para itong American version ni Francisco Balagtas. Nakakatuwa talaga ito lalo na ang mga banat nito.

“Sagutin mo na kasi ‘yan, Cassie. Ginamitan ka na niya ng technique niya kung p’ano niya napapa-oo ang mga customers niya,” ani Joyce na QE nila. Tawanan ang mga talipandas niyang kasamahan at pati na rin ang iba pang mga customers sa bar sa kalapit na mesa na nakaririnig sa kanila.

“Alright, I'll think ‘bout it. And I'll consider that, Reid.”

Hiyawan na naman ang mga kasamahan niya at may sumipol pa. Napapatingin tuloy sa kanila ang ibang mga bisita at partygoers ng bar.

“Late ka na naman Cheeno. Sa lahat ng barkada ikaw talaga ang laging late,” reklamo ni Lester sa kanya, ang may-ari ng bar na iyon kung saan sila tatambay at maglilibang.

“Wala na bago diyan, Lest. Lagi naman talaga iyang nahuhuli,” tugon ni Jasper. Nag-second the motion naman ang iba pa niyang kabarkada na mukhang marami ng nainom.

“Pasensyana. Alamn’yonamannakasisimula na ng training ko sa kompanya di ba?”

“Wow! Mukhang seryosohan na ‘yan, ah? Nagpapayaman ka na rin talaga.” Tawa lang ang sinagot niya sa tugon ni Dino.

“Parang si Lester naman ang nagpapayaman nang husto. Sa dami ba naman ng customers nitong bar mo?” puna ni Cheeno at inilibot ang tingin sa paligid hanggang sa dumako iyon sa pamilyar na babae na tumutungga ng isang bote ng tequila sa may kalayuang mesa.

Mukhang di ito sanay uminom dahil sa sobrang lukot ng mukha nito pagkatapos maibaba ang bote. Napangalahati nito iyon.

Parang pamilyar sa kanya ang babae. Nagkita

na kaya sila?

“Who caught your attention, pare? Just tell me at ipapatawag ko,” ani Lester na may halong biro at sinundan ng tingin ang nakapukaw ng kanyang atensiyon.

“Saan ba banda iyan? Diyan ba sa grupo ng mga call center agents?”

Naalala na niya! Ito iyong babae sa mall na pinaulanan siya ng murang English.

Kaya pala parang pamilyar ito sa kanya.

“Talaga? You know them?” curious niyang tanong.

“Regular customers ko sila, and I know exactly each of them.”

“Sino ba sa kanila diyan, pare?” urirat ni Dino.

“Wala na siya sa mesa nila. Nagpunta yata sa wash room.”

“Gan'on ba? Sige, ituro mo na lang mamaya. Lalapitan natin at ipakikilala kita,” sabi ni Lester.

“Alright,” sang-ayon niya.

“Kwentuhan mo naman kami sa socialite na naka-date mo sa charity ball last week, pare. She’s hot.”

At napuno ng tawanan at halakhakan ang mesa nila.

“Lasing na ba ‘ko? I shouldn’t be,” duduling-duling na wika ni Cassie habang nakatitig sa salamin ng comfort room.

“Naparami yata ang inom ko ah.” Sinipat niya ang sarili. “Bakit parang apat na ang mata ko? Lashing na yata talaga ako. Makauwi na nga.”

Susuray-suray na naglalakad siya palabas ng CR. Panay ang hawak niya sa dingding na nadadaan. Nang nasa bukana na siya ay biglang umikot ang paningin niya. Alam niyang wasak ang bungo niya kapag tumama sa marmol na sahig kaya sinikap niyang huwag matumba nang may matitipunong bisig na pumaikot sa bewang niya.

Oops! Nasadlak siya sa isang malapad na dibdib at nang masamyo niya ang pabango ng estranghero ay lalo lang siyang nalasing.

Isang matiim na titig ang sumalubong sa kanya. Parang nakita na niya ang lalaking ito. Tama! Ito si *Green Lantern* na favorite hero niya.

Ano naman ang ginagawa ni Ryan Reynolds dito sa Pilipinas? Baka nagbabakasyon. Whatever! As long as he is with me.

“Why are you not wearing green? You’re *Green Lantern*, right?” ani Cassie sabay kapit sa leeg nito.

Napanganga lang ito sa tanong niya. He looked so damn cute. Sabi na nga ba sobrang gwapo talaga nito sa personal. Hindi talaga nasayangangmgaarawnapinagpapantasyahan niya ito.

“You should wear green all the time coz it’s the color of the will. Are you not afraid everytime you fight and sh-save the world?”

Hindi na niya nahintay ang sagot nito dahil nagdilim na ang paningin niya. Sayang, gusto pa naman niyang makausap ang idol niya.

Umiiling na napapangiti si Cheeno habang pangko ang babaeng napagkamalan siyang

super hero. Sino nga iyon? *Green Lantern*? Nang mapansin niyang hindi pa ito bumabalik sa mesa ay sinundan na niya ito. Tama nga ang hinala niya niya. Lasing na lasing na ang babae para maglakad pa.

Alam niyang magkikita pa sila ng masungit na babaeng ito. Hindi lang masungit, palabán pa. Ika nga, iyong mga type niya.

“Pare, s’an ka ba galing? Ang tagal mo naman. Nasaan na ang brandy natin?”

“I’m sorry, guys. Wala eh. Kasi ‘yung babaeng sinasabi ko sa inyo na nasa kabilang mesa, pinasok ko sa kwarto natin dito.”

Doon niya ito dinala para komportable itong makatulog. May dalawang kwartong pinagawa si Lester sa third floor ng bar para sa kanilang magkakaibigan na di na kayang umuwi at magmaneho.

“Naks, pare! Ang bilis naman. Pinaguusapan pa nga lang natin siya.” Sabay sumipol ni Jervin.

“Iba ka talaga dumiskarte, Cheeno. I salute you,” kantiyaw ni Dino na sumaludo nga sa kanya.

“Tumigil nga kayo. It’s not what you think. Sobrang lasing na kasi niya kaya nawalan ng malay.”

“Gan’on ba? Then I better tell her friends para makuha na siya,” sabi ni Lester.

“Yeah. But look at them, pare. Umalis na mga kasamahan niyang babae. Iyong mga guys na lang ang natira.” Sabay turo niya sa mga kalalaking nagpipingian ng bote sa kabilang mesa.

“We can’t just trust them. After all, they’re men and she is a... a beautiful woman,” patuloy niya.

“Alam ko. At alam ko rin na lalaki ka din. At hindi ako pwedeng magtiwala sa ‘yo. After all din, ayaw ko ring may masamang mangyari sa isa sa mga valued customers ko,” tudyon ni Lester sa kanya. Tawa ng tawa ang mga kaibigan niyang hudas. Ngali-ngaling batukan niya ang mga ito.

Napapangiti si Cheeno habang nagmamaneho. Napapayag kasi niya ang kaibigan na siya na ang bahala sa babae. He

assured Lester na safe niya itong patutulugin sa pad niya. Alam naman nito na hindi siya namimilit ng babae, lalo na kung lasing.

Hindi niya ma-imagine ang sarili na ipinagpipilitan ang sarili sa isang babae. Bakit ba napunta doon ang isipan niya? Patutulugin lang niya ito sa pad niya. No more no less.

Sinulyapan niya ang natutulog na anyo nito. Naaawa kasi siya rito. He saw her sister to this lady.

Sino ang niloko niya? He never felt this great attraction to women before. And he didn't like this feeling.

“Anyways, I'm just a Good Samaritan,” kausap niya sa sarili. Binuhat niya ito papasok sa pad niya at aktong ibababa niya sa kama nang bigla itong magising.

Hi! My hero,” she said in a devilishly sexy grin.

“Hello, sweetie.” Inihiga niya ito sa kama. Pero nagulat siya nang kumapit ito sa leeg niya.

“Huwag mo akong iwan. Stay here with me, my hero.”

Napalunok si Cheeno. Alam na niya ang mga ganoong linya. Lots of women said those words to him before. Mga babaeng lasing at gusto siyang matikman.

“You need to rest first, sweetie. Okay?”

“I admire you for being brave in saving the world, *Green Lantern*. And you deserve a prize for it.”

Walang babalang hinalikan siya nito sa labi. Nagulat si Cheeno kaya nawalan siya ng balanse at tuluyang bumagsak sa ibabaw nito. The lady didn't know how to kiss, but her lips tasted so sweet.

Parang siya yata ang nalasing sa pinaghalong amoy nito at sa alak sa hininga nito. Ayaw man niyang tumugon ay di niya mapigilan. Cheeno had kissed so many lips before and satisfied his lust, but hers was intense yet so pure and glorifying. Tuluyan niyang niyakap ang babae at pinalalim ang halik.

Hanggang sa dumako ang labi niya sa leeg nito. He could not help but moan as he tasted her flesh. She tasted so heavenly sweet that he can't get enough. He wanted to explore more

nang maramdaman niyang wala na ang mga kamay nito sa batok niya. At narinig niyang naghihilik na ang babae. Tinulugan siya.

Huminga siya nang malalim bago tumayo at tumawa.

“You should have not started it, lady,” nailing na sabi niya sa natutulog na dalaga.

“And I should have not continued it.” Inayos niya ang pagkakahiga dito.

She looked so innocent in her sleep. Nakangiti itong natutulog habang yakap ang unan niya. Isang malakas na buntong-hininga ang pinakawalan ni Cheeno.

“You need a very cold shower, dude,” kausap niya sa sarili bago tuluyang lumabas ng silid.

3

“My head is breaking,” usal ni Cassie sapo ang kanyang ulo.

Bumangon siya sa kama at akmang pupunta sa banyo, nang mapansin niyang wala siya sa kanyang sariling silid. Lalong nagising ang diwa niya nang mapagtantong wala siyang ibang suot na damit kundi ang kanyang panloob lamang. Hindi niya gawaing matulog na ganoon lang ang suot. Kinabahan siya. Bumalik siya sa kama at binalot ang sarili ng kumot. She tried to recall what happened.

“Mag-isip ka, Cassie. Saan ka nagpunta kagabi?” tarantang tanong niya sa sarili. Naginhale-exhale exercise muna siya, before recalling everything that happened last night.

“I was having a party in a bar with my friends,” kausap niya sa sarili habang sinusubukang balikan ang mga pangyayari.

“I drank a lot and... and I went to the washroom and... and. Ahhhhh...” Wala siyang maalala! Hindi niya matandaan ang mga detalye. Kaya nga ba ayaw niyang uminom, eh!

Pinakiramdaman ni Cassie ang sarili. Malalaman naman niya kung may nagsamantala sa kanya. So far, wala naman siyang naramdamang kakaiba. Pero, paano kung masamang tao ang nagdala sa kanya dito? At paano kung kinunan siya ng video habang hinuhubaran? Paano kung pinagkakatukaan siya.? Hindi niya ma-take ang mga ganoong scenario.

“Noooo. No! No! No!” hysterical niyang sigaw. “Not meeee. Not me! Not meeee!”

Biglang bumukas ang pinto at pumasok ang isang lalaking naka-boxer shorts lang at walang pang-itaas. Naeskandako lalo siya kaya lalo lang siyang napasigaw.

“ So, this is the famous *Green Lantern*,” tumatangong tinitingnan ni Cheeno mula sa kanyang laptop ang pelikula ni Ryan Reynolds.

Napangiti siya nang maalala ang babae sa kabilang silid. Ito lang ang nagsabing hero siya. Mali. Kamukha ng hero pala. Kung ito ang style nito para mapansin niya, then, nagtagumpay itong kunin ang atensiyon niya.

Natigil ang panonood niya nang makarinig ng sigaw mula sa kabilang silid. Tumakbo siya papunta roon at naabutan niya ang babaeng nagsisisigaw na animo takot na takot at frustrated

“Not meeee. Not me! Not meeee!”

Nang makita siya nito ay lalo lang itong sumigaw.

“Miss, what’s wrong?” Nilapitan niya ito.

“ No! Lumayo ka sa ‘kin. Demonyo ka!” galit na sigaw nito.

Nagulat siya. *Mukhang lasing pa yata ang babaeng ‘to.*

“N’ong una hero tapos ngayon demonyo na ako? What exactly am I to you?” natatawang tanong niya.

“Heh. Walang nakakatawa. Feelingero ka pala eh. Hindi ka hero dahil masama kang tao. Bakit ako nandito at ano ang ginawa mo sa ‘kin ha?”

Mukhang wala itong maalala at hindi siya nito namukhaan. He couldn’t help but smile while looking at her. She looked so lovely while

clutching the blanket. Her face was becoming more and more flushed.

“Take it easy, okay?” sabi ni Cheeno habang itinataas ang dalawang kamay. “First, nasa bar ka ng kaibigan kong si Lester kagabi nang malasing ka. Iniwan ka ng mga kaibigan mong babae, so we decided to take you here with me.”

“Take me here with you? Eh, gago ka pala. Kaya pala hinubaran mo ako!”

“Ano’ng gusto mo? Hayaan kitang matulog na hindi komportable ang damit? Hindi naman ako gan’on ka-inconsiderate. At isa pa gentleman ‘to, wala na sa akin ang mga ganyang body anatomy.”

“Talaga lang, ha. Bakit, doktor ka ba?”

Mukhang masasampal siya nito kapag sumagot siya ng ‘hindi’. “Yup. I am.”

Saka lang ito natigil sa kadadakdak. Napayuko ito. Gusto niyang ituwid ang sinabi niyang kasinungalingan dito. Pero alam niyang kailangan niya iyong panindigan.

“Nasaan ang mga damit ko?” basag nito kapagkuwan.

“Nasa banyo. Malinis na ang mga iyon.”

“Lumabas ka at magbibihis ako.”

“Opo, kamahalan.” Nakangiti siyang lumabas ng silid. Hindi pala nakangiti kundi nakangisi. Natutuwa kasi siya rito. Ngayon lang siya natuwa sa isang babae.

Lumabas ng silid si Cassie at naabutan niya ang lalaking nagpakilalang doktor sa kusina at kasalukuyang naghahain sa mesa. Nakatalikod ito sa kanya at nakasuot ng white sando at red boxer shorts. He looked sexy while wearing the apron. Mukhang alaga sa gym ang katawan nito. And he got a very nice butt too.

Namula siya nang maalalang hinubaran siya nito ng damit. Wala pang sinumang lalaki ang nakakita sa kanyang hubad na katawan.

“Don’t just stand there and blush,” aabi nito na biglang humarap sa kanya. Huling-huli nito ang pag-asses niya sa assets nito. Pero nilabanan niya ang hiya. Patas na sila ngayon. Malay ba niya kung paano siya nito hinubaran kagabi?

“Umupo ka na dito para makakain na tayo.”

“Hindi ako nagba-blush,” kaila ni Cassie at hinamig ang sarili. Pero aware siyang pulang-pulang na ang mga pisngi niya.

Dumaan na naman ang ilang minutong katahimikan at nang hindi ito kumibo ay nagsalita na siya.

“I just want to say thank you for bringing me here safe.”

“You’re most welcome. I’m your hero, right?” tudyong nito na hindi itinago ang pagngiti.

“Of course not. Lasing lang ako kaya nasabi ko ‘yon. Kaya huwag kang masyadong assuming.”

“Okay. Thanks too, for the prize that you gave me last night for being your hero,” anito habang nakangiting sumusubo ng pagkain.

“Anong premyong sinasabi mo?” Napatigil si Cassie sa akmang pagsubo.

“Huh? Hindi mo matandaan?” Kunwari gulat nitong tanong. Ang sarap batukan ng doctor na ito. Makikita sa mukha nito na may itinatago itong kalokohan na gusto nitong ipaalam sa kanya. Pero sinu-suspense pa siya.

“Sabihin mo na sa ‘kin. Anong premyo iyon?”

“Since, you told me I’m a hero, you actually gave me a prize for being brave”

“Ano nga iyon?” galit na niyang tanong dito. Mamamatay siya sa sobrang pa-suspense nito.

“A very sweet, torrid kiss.”

Nasamid siya sa pag-inom ng tubig at lalong lumaki ang malaki na niyang mata sa gulat. Alam niyang ginu-good time lang siya nito. Hindi siya dapat maniwala.

“Anyway, it’s a quick kiss. Nakatulog ka kasi agad.”

Kung kanina nanlaki ang mga mata niya sa gulat, ngayon naman ay naningkit na ang ang mga iyon sa sobrang gigil niya rito. Mukhang totoo ang sinasabi nito. Dahil hindi na ito nakangiti sa kanya ng nakakaloko.

“Gosh!” Ginawa nga niya. Hindi niya alam na capable siyang gawin iyon. Kaya nga ayaw niyang malasing eh.

“Pinagsamantalahan mo naman ang kalasingan ko. Iyan ba ang tinatawag na

gentleman?” Kailangan niyang magalit para mapagtakpan ang nararamdamang hiya at uncomfotability.

“Hindi po kita pinagsamantalahan. Natutuwa nga ako kasi kamukha ko pala ang idol mong hero.”

“Of course not. Lasing lang ako kagabi kaya anything can come out from my mouth,” depensa niya. Pero napansin niya ang sinusupil nitong ngiti. Parang nakita na niya ang ngiting iyon.

“*Green Lantern* is not out of this world. Though he got his power outside of earth.”

Nagulat siya. Mukhang nakapanood din ito ng *Green Lantern* na pelikula. Bakit ba kasi nasabi niyang si Ryan Reynolds ito? Syempre nga kasi lasing siya. Napakunot-noo siya nang may maisip.

“Ikaw? Ikaw ‘yung nakabunguan ko sa mall, hindi ba?”

“I’m glad you remember me. How are you, my petite lady?”

Hindi niya pinansin ang pang-aasar nito. “Where’s my tumbler?” tanong niya. Ito lang

ang maaaring makakita sa tumbler niya. Tila nagulat ito sa clearly out of this world niyang tanong.

“What are you talking about?”

“Glass tumbler. Nagbagsakan ang mga gamit ko, diba? Pero nang pulutin mo ang mga iyon, hindi mo naisama ang glass tumbler ko.”

“Uh-oh. I really don’t know about it. I’m sorry. Baka nga gumulong sa sahig at di ko napansin.”

Wala na talaga ang glass tumbler niya.

“Don’t worry, Miss. I’ll buy you another one. By the way, my name is Cheeno and you are?” Bago pa siya makasagot ay nag-ring ang phone nito. Naka-speaker on ito kaya dinig na dinig niya ang nasa kabilang linya.

“Hello, baby. I prepared plenty of rubbers for us last night but you didn’t come over as promised,” sabi ng babae sa kabilang linya. Siya ang nahiya sa kaprangkahan nito. Dalidaling ini-off ni Cheeno ang speaker.

“I’ll call you later, Gretch. ‘Bye.’” Ibinaba nito ang telepono. “Pasensya kana doon. It’s just, uh...”

“No need to explain. I’m just an intruder here.” Tumayo na si Cassie. “Thanks for your hospitality.”

Hindi na niya hinintay na tumugon ito. Kung bastos ito, mas bastos siya. Kung sabagay wala siyang pakialam kung anuman ang mga plano nitong gawin kasama ang girlfriend nito. That jerk.

“Kiss my ass, bitch,” galit na sabing American customer ni Cassie bago siya binabaan.

Kung nakamamatay siguro ang talim ng salita, baka matagal na siyang pinaglalamayan ngayon. Sorry na lang ito. She’s dead tired to throw away the right rebuttals. Wala siyang tulog mula noong umagang umalis siya sa bahay ng Cheeno na iyon. Ngayon nga ay on-duty siya mula 10 pm hanggang 7 am.

Much as she wanted to save the account from cancelling ay hindi niya magawa. She’s not assumptive at the moment. All she wanted to do was to sleep like a log. Two-hours pa bago ang out niya pero parang babagsak na siya. Buti na lang wala masyadong tawag.

“Cassie, are you okay? You look terrible,” sabi ni Mika sa katabing cubicle. Ito ang maituturing niyang malapit na kaibigan. Hindi nga lang ito mahilig sa gimik at outing.

“I’m not okay, Mik. My customer disconnected the call.”

“Yeah. I heard it. Why don’t you just go and rest?”

“No. Two hours na lang din. I can manage.”

“EOP please,” sigaw ng team leader niya. Narinig pala nito na nag-Tagalog siya. Strictly English Only Policy kasi kapag nasa production floor sila.

“I’m sorry, Sieg, ”paumanhin ni Cassie.

Lumipas ang dalawang oras ay nakauwi na rin siya sa bahay niya.

“Hi, bro! Wazzup?”

Nag-angat ng mukha si Cheeno mula sa binabasang files. Nasapinto ang kapatid niyang si Ciann. Mukhang masaya ito samantalang siya ay sobrang bored na.

“Not so bad. Ano’ng kailangan mo?”

“Ang init naman ng ulo mo, Kuya.” Pumasok ito, kapagkuwan ay umupo sa kanyang hita na siyang nakagawian nitong paglalambing kapag may kailangan sa kanya.

“Ano’ng kailangan mo?” deretsahan niyang tanong. Doon din naman ang tungo niyon.

“ ‘Kaw naman. Cool ka lang diyan. Magpapasama sana ako sa ‘yo bukas ng gabi. Magkikita kasi kami ng mga kaibigan ko sa isang bagong bukas na beach resort. Sort of reunion na rin.”

“Reunion naman pala ninyo. Magdadala ka pa ng asungot.”

“You’re not asungot, Kuya. May ipakikilala kasi ako sa ‘yo. And take note, maraming magagandang girls ang pupunta d’on.”

“Wala akong pakialam sa mga babae d’un dahil marami rin akong girl friends. At isa pa, may lakad kami ng barkada.”

“Sige na, Kuya. Cancel mo na muna ‘yon. Please? My friends really want to meet you,” pakiusap ng kapatid niya.

Kung sabagay, wala pa naman talaga silang pupuntahang magbabarkada this weekend. At bored na rin si Cheeno. He needed to unwind. Pagkatapos ng walk out scene na naganap sa pad niya noong nakaraang linggo, hindi pa rin siya pinapatulog ng alaala ng babae. He wanted to explain to her about that phone call, pero iniwan agad siya nito. Baka isipin nito playboy siya. Pero what's the use? Wala na ito.

“Okay. I’ll bring my friends.”

“Yes! Ang bait mo talaga, Kuya.” Hinalikan pa siya ni Ciann sa pisngi sa sobrang tuwa. “Bring all your friends, okay? Don’t forget about the party tomorrow night. ‘Bye.’”

Ang sarap kutusan ng kapatid niya. She’s still twenty-two yet kung makagala akala mo mauubusan ng lalaki. But he’s proud of her though. Dahil kung hindi ito nagseryoso sa pag-aaral na gaya niya, baka nabaliw na ang ama nila sa paghawak sa negosyo.